Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG UNANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-4 NG ENERO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
3.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
4.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
5.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
6.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
7.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
8.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
9.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
10.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 1-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAPASIYAHAN
na nagpapatibay at kumikilala sa Kasunduang nilagdaan ng Punong-bayan upang maisakatuparan ang mga sumusunod na pagawain:

a. Concreting of Mun. Road at Bgy. Santo Domingo, Santa Rosa, Laguna

b. Proposed Construction of Santa Rosa PNP Headquarters besides Fire Dept. along Rizal Blvd., Santa Rosa, Laguna

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Unang Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-4 ng Enero, 1995.

received by:
1/12/95

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-5 NG ABRIL, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
3.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
4.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
5.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
6.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
7.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
8.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
9.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Talata 3, taong 1995

Inihain din sa hapag ang isang petisyon na ipinarating ng apat na pamilyang naninirahan sa Mariquita Pueblo at karatig ng panukalang itayong pagamutan na pag-aari ni Dr. Santiago. Batay sa liham ay tinututulan nila ang pagtatayo ng pagamutan sapagka't ito diumano ay lumalabag sa alituntunin at batas na ipinatutupad ng Zoning Ordinance ng bayan ng Santa Rosa na ang lugal diumano ay residensiyal at hindi nararapat na pagtayuan ng pagamutan at nangangamba sila na kung may sakunang mangyayari tulad ng lindol ay magiging mapanganib ang "4-storey building" na balak itayo. Ipinaliwanag naman ni Pang. Punong-bayan Dictado na ang petisyon ay natutulad din sa naunang petisyon ng mga naninirahan sa Barangay Balibago na tumututol sa pagtatayo ng pagamutan na pag-aari ni Gng. Sixta Alibudbud na sa dahilang ang gusali ay nasasa lugal na pang-komersiyal ay hindi nahakbangan ng paayon sa mga nagpepetisyon. Sinabi ng Pang. Punong-bayan na ang gusaling ipatatayo ni Dr. Santiago ay nasasa kahabaan ng Panlalawigang Lansangan at may "zoning" na komersiyal. Ipinaliwanag din ni G. Reynaldo Pambid, Zoning Administrator, na alinsunod sa "Zoning Ordinance" ng bayan ay "mixed type and light industry" ang gamit ng lupaing mayroong 500 metro mula sa gitna ng panlalawigang lansangan. Binigyan ng pagkakataon na makapagpaliwanag ang kinatawan ng mga nagpepetisyon na naghain ng kanilang mga agam-agam at nagbigay diin din sa pagkakaroon ng building permit ng pagamutan gayong wala pa itong "locational clearance" na ipinaliwanag naman ni Dr. Santiago na lahat ng kinakailangang papeles ay

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

isinusulit niya sa tanggapan ng pambayang inhinyero, lamang ay inaabot ng maraming linggo ang pagkakaloob ng Environmental Certificate of Compliance mula sa DENR. Ipinaliwanag din niya na birong gastos at interes sa bangko ang kanilang binababa sa pagkakaantala ng kanilang proyekto.

Matapos pa ang maikling pagtatalakayan ay pinagpasiyahan ng kapulungan na iliwat ang petisyon sa HLRB at sa Tanggapan ng Pambayang Mananganggol para sa kanilang legal na opinyon na siyang maggagabay sa kapulungan sa pagpapasiya. Gayundin ay hiniling kay Dr. Santiago na ang paglilinis sa lugal ay gawin sa araw upang hindi maging sagabal sa pagpapahinga ng mga karatig mamamayan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Talatang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-13 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-5 ng Abril, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

received
by: [illegible] 4/19/95